**20 Set. 2026**

## Ika-Dalawamput Limang Linggo sa Karaniwang Panahon (Taon A)

*Isias 55:6-9; Filipos 1:20c-24, 27a; Mateo 20:1-16a*

### PANIMULA

Minsan ay binigyan ng isang guro ang bawat mag-aaral ng lobo at inutusan silang isulat ang kanilang pangalan dito. Inilagay ang lahat ng lobo sa ibang silid. Pagkatapos, sinabihan sila na hanapin ang kani-kanilang sariling lobo sa lalong madaling panahon. Sa loob lamang ng ilang minuto, nagulo ang buong silid — may nagtutulakan, inis, at kalituhan. Pagkatapos, binago ng guro ang tagubilin: "Kumuha kayo ng kahit anong lobo at ibigay ito sa taong may pangalan dito." Sa loob ng ilang sandali lamang, natanggap ng bawat mag-aaral ang kanya-kanyang lobo. Ngumiti ang guro at sinabi, "Kapag ang hinahanap lamang natin ay ang sariling kapakanan, lumilikha tayo ng kaguluhan. Ngunit kapag hinahanap natin ang ikabubuti ng iba, nakakamtan ng lahat ang kanilang kailangan."

Mga minamahal na kapatid, hinahamon tayo ng Ebanghelyo ngayon sa ating palaging ugali ng paghahambing, pagkukwenta, at pagsukat. Nawawalan ng galak ang mga manggagawa sa ubasan sa sandaling magsimula nilang bilangin kung ano ang natanggap ng iba. Ngunit hindi umiibig ang Diyos ayon sa ating mga pagkukwenta. Mas mataas ang Kanyang mga daan kaysa sa ating mga daan, at mas mapagbigay ang Kanyang puso kaysa sa atin.

Nadama ni San Pablo ang katotohanang ito nang malalim. Mula sa bilangguan, habang humaharap sa posibleng kamatayan, nasabi pa rin niya: "Sapagkat para sa akin, ang mabuhay ay si Kristo." Nang maging sentro na ni Kristo ang kanyang buhay, ang takot ay napalitan ng kalayaan, at ang paghahambing ay napalitan ng pasasalamat.

Habang lumalapit tayo sa Panginoon ngayon, kinikilala natin kung gaano kadalas ginugulo ng inggit, hinanakit, kasakiman, at walang-tigil na paghahambing ang ating puso at inaagawan tayo ng kapayapaan. Hilingin natin sa Panginoon ang awa at ang biyayang magalak sa Kanyang kabutihan sa lahat.

**HOMILIYA: *"Mas Higit ang mga Paraan ng Diyos kaysa sa Ating mga Pagkukwenta"***

Minsan ay ikinuwento ng isang lalaki ang tungkol sa pagdalaw niya sa kanyang lolong naghihingalo. Ang matanda ay naging matagumpay na negosyante sa buong buhay niya. Nagpatayo siya ng mga bahay, bumili ng lupa, at walang-sawang nagpagod upang mabuhay ang kanyang pamilya. Habang nagtitipon ang pamilya sa paligid ng kanyang higaan, tinanong siya nang walang-malisya ng isa sa kanyang mga apo, "Lolo, ano ang dadalhin ninyo?" Marahang ngumiti ang matanda, itinaas ang kanyang nangangatog na kamay, at sinabi, "Tanging ang ibinigay ko lamang... at sa Diyos na  aking ibinigay ng aking buhay."

Ang simpleng pananalitang iyon ay tumatama sa puso ng mga pagbasa ngayon. Napakarami sa ating buhay ang ginugugol sa pagkukwenta: kung gaano karami ang nakamit natin, kung gaano karami ang ari-arian natin, kung gaano karami ang nararapat sa atin, kung gaano karami ang nararapat sa iba. Ngunit ngayon, marahan ngunit matatag na ginigising tayo ng Salita ng Diyos mula sa ganitong pag-iisip. Sa pamamagitan ni San Pablo at ng kakaibang talinghaga ng mga manggagawa sa ubasan, inaanyayahan tayong tingnan ang buhay hindi sa lohika ng pagkukwenta, kundi sa lohika ng biyaya.

Sa ikalawang pagbasa, sumulat si San Pablo mula sa bilangguan. Hinihintay niya ang kanyang paglilitis at alam niyang maaaring dumating na ang kamatayan. Gayunpaman, kagila-gilalas, isinulat niya: "Sapagkat para sa akin, ang mabuhay ay si Kristo at ang mamatay ay pakinabang." Hindi ito ang mga salita ng isang taong pagod na sa buhay. Ang buong Sulat sa mga Taga-Filipos ay puspos ng kagalakan. Hindi tumatakas si Pablo sa buhay; malalim ang kanyang pagmamahal kay Kristo.

Karamihan sa mga tao ay tinitingnan ang kamatayan bilang pagkalugi. Sa kamatayan, iniiwan natin ang mga ari-arian, tagumpay, titulo, maging ang mga taong pinakamamahal natin. Gaya ng minsang sinasabi, "Walang bulsa ang huling damit." Ngunit sinasabi ni Pablo, "Ang mamatay ay pakinabang." Bakit? Sapagkat natuklasan na niya ang lihim

ng buhay: "Ang mabuhay ay si Kristo." Naging sentro na ni Kristo ang kanyang buhay.

May kuwento tungkol sa isang paring misyonero na nagtrabaho sa Africa sa loob ng maraming taon. Malapit na sa dulo ng kanyang buhay, may nagtanong sa kanya, "Padre, natatakot ba kayong mamatay?" Sumagot siya, "Bakit ako matatakot? Sa buong buhay ko, naglalakad ako patungo sa Diyos lamang." Iyon din ang saloobin ni Pablo. Ang kamatayan ay hindi ang pagbagsak ng lahat; ito ang huling pagtatagpo kay Kristo na kanyang minamahal.

Ito ang dahilan kung bakit kayang harapin ni Pablo ang kamatayan nang may ganitong kalayaan. Kahit na maaaring kunin ng iba ang kanyang buhay sa lupa, hindi nila maaaring kunin ang buhay na taglay niya kay Kristo. Natuklasan niya na may isang kayamanan lamang na hindi natin mawawala sa kamatayan: si Hesukristo.

Pagkatapos, dinadala tayo ng Ebanghelyo ngayon sa ibang direksyon na nakakabahala rin sa atin. Ikinuwento ni Hesus ang tungkol sa mga manggagawa sa ubasan. May mga nagtrabaho nang buong araw sa ilalim ng matinding init ng araw. May iba namang isang oras lamang nagtrabaho. Ngunit sa katapusan ng araw, lahat sila ay nakatanggap ng parehong sahod.

Agad na may bumangon sa ating loob: "Hindi iyan makatarungan!" Likas nating kinakampihan ang mga manggagawang nagpagod nang buong araw. Ang buong lipunan natin ay itinayo sa prinsipyong kung gaano karami ang iyong ipinagtrabaho, gayon din karami ang iyong kikitain.

Ngunit hindi nagbibigay si Hesus ng aralin sa ekonomiya. Inihahayag Niya ang puso ng Diyos.

Upang maunawaan ang kuwento, dapat nating alalahanin ang daigdig noong panahon ni Hesus. Ang mga manggagawang nakatayo sa pamilihan ay hindi mga taong tamad. Sila ay mga taong desperado na umaasang may mag-uupa sa kanila upang may makain ang kanilang pamilya sa gabing iyon. Ang isang denaryo ay hindi lamang sahod; ito ay ikabubuhay sa loob ng isang araw.

Kaya nang ibigay ng may-ari ng lupa ang buong sahod ng isang araw kahit sa mga isang-oras lamang nagtrabaho, hindi siya nagiging di-makatarungan sa unang mga manggagawa. Naibigay na niya sa kanila ang napagkasunduang sahod. Sa halip, siya ay nagiging labis na mapagbigay sa iba.

Kumikilos ang may-ari ng lupa hindi mula sa pagkukwenta kundi mula sa awa.

May magandang halimbawa nito sa kasalukuyang panahon. Noong panahon ng krisis pang-ekonomiya sa isang bansa sa Europa, napansin ng isang may-ari ng panaderya na may ilang taong walang trabaho na dumarating tuwing gabi bago magsara ang tindahan, umaasang may bibili sa kanila ng tinapay. Sa halip na itapon ang natirang tinapay, tahimik na naglalagay ang panadero ng mga bag ng tinapay malapit sa likurang pinto tuwing gabi. Isang araw, tinanong siya ng isang kaibigan, "Bakit ninyo ibinibigay nang libre ang napakaraming tinapay?" Sumagot ang panadero, "Sapagkat hindi naghihintay ng katarungan ang gutom."

Napakalapit nito sa puso ng Ebanghelyo ngayon.

Kadalasa'y ginugulo tayo ng kabutihang-loob ng Diyos dahil hindi ito umaangkop sa ating mga pagkukwenta. Gaya ng sinabi ni Isaias sa unang pagbasa, "Ang aking mga kaisipan ay hindi ninyo mga kaisipan, ni ang inyong mga daan ay hindi Aking mga daan." Hindi kumikilos ang Diyos ayon sa matematika ng karapat-dapat. Kumikilos ang Diyos mula sa kasaganaan ng Kanyang puso.

Ito ang dahilan kung bakit palaging nagugulat tayo sa mga talinghaga ni Hesus. Tinanggap ng ama ang alibughang anak nang may piging. Iniwan ng pastol ang siyamnapu't siyam na tupa upang hanapin ang isa. Ibinigay ng may-ari ng ubasan ang buong sahod sa mga huling dumating.

Paulit-ulit, ipinapakita sa atin ni Hesus ang isang Diyos na tumatangging magmahal ayon sa mahigpit na aritmetika.

Marahil ito ay dahil ang bawat isa sa atin, sa huli, ay nagiging manggagawa ng ikalabing-isang oras.

Maraming tao ang gumugugol ng maraming taon na malayo sa Diyos at saka lamang bumabalik. May natutuklasan ng

pananampalataya matapos ang mga dekada ng kawalang-pakialam. May mga nagdadala ng mga sugat, adiksyon, kabiguan, at pagsisisi. May mga nakadarama na nasayang ang kanilang mga taon.

May nakaaantig na kuwento tungkol sa isang bilanggong nagbalik-loob nang huli sa kanyang buhay. Matapos ang mga taon ng karahasan at krimen, nakilala niya si Kristo sa bilangguan sa pamamagitan ng tahimik na patotoo ng isang tsaplan. Bago siya bitayin, sinabi niya, "Dumating ako sa Diyos sa mismong huling oras, ngunit tinanggap Niya ako na para bang buong buhay ko ay Siya'y naghihintay sa akin."

Iyan ang eskandalo at kagandahan ng biyaya.

Kung kikilalanin lamang natin ang ating sarili sa mga manggagawang nagpagal buong araw, maaari tayong maging madamdamin at mapait, palaging inihahambing ang ating sarili sa iba. Ngunit kung makikilala natin ang ating sarili sa mga huling dumating, sa mahihina, sa hindi karapat-dapat, kung gayon ang Ebanghelyong ito ay nagiging labis na nakaaaliw.

Napakaganda ng pagkakasabi ng lumang homiliyang Aleman: nagsimula ang mga manggagawa sa araw na nagkakaisa sa parehong pangamba — "May mag-uupa ba sa amin? Makakakain ba ang aming pamilya ngayong araw?" Ngunit nang ipamahagi ang mga sahod, nagsimula silang maghambing at magkuwenta, at natunaw ang kanilang pagkakaisa sa inggitan.

Kay tototo pa rin nito hanggang ngayon.

Ang paghahambing ay sumisira sa kagalakan. Ang pasasalamat ay nagpapanumbalik nito.

Nakikita natin ito saanman — sa mga pamilya, sa mga lugar ng trabaho, maging sa Simbahan. May isang tumatanggap ng pagkilala; may isa namang nararamdamang napapabayaan. May isang tila pinagpala; may isa namang nahihirapan. Di-magtatagal, nagsisimula tayong magkuwenta: "Bakit mas marami siya kaysa sa akin?"

Ngunit ibang tanong ang itinatanong ng Ebanghelyo: "Bakit hindi ka nagagalak na natanggap din ng iyong kapatid ang kabutihan?"

May lumang kuwento tungkol sa dalawang monghe na naglalakad sa gubat. Palagi'y nagrereklamo ang isang monghe: "Bakit binibigyan ng Diyos ang iba ng mas maraming talento? Bakit ang iba ay nakatatanggap ng mas maraming pagpapahalaga?" Huminto ang nakatatandang monghe sa tabi ng isang batis at nagtanong, "Ano ang nakikita mo?"

"Ang aking repleksyon," sagot ng nakababatang monghe.

Pagkatapos, naghagis ng bato ang nakatatandang monghe sa tubig. Nawala ang repleksyon sa mga alon.

"Ang inggit," sabi ng nakatatandang monghe, "ay katulad ng batong iyan. Ginugulo nito ang puso nang husto kaya hindi mo na makita nang malinaw — hindi ang Diyos, hindi ang iba, kahit ang iyong sarili."

Inaanyayahan tayo ng Ebanghelyo ngayon na lumipat mula sa inggit tungo sa pasasalamat, mula sa paghahambing tungo sa kabutihang-loob.

Ipinaaalala rin sa atin ng talinghaga na ang kaharian ng Diyos ay hindi itinatayo ng mga taong nagkukwenta kundi ng mga pusong mapagbigay. Binago ng mga unang Kristiyano ang sinaunang daigdig hindi dahil sila ay makapangyarihan o mayaman, kundi dahil ibinahagi nila ang kanilang taglay. Inalagaan nila ang mga biyuda, pinakain ang mahihirap, tinanggap ang mga dayuhan, at pinatawad ang mga kaaway. Nakikita sila ng mga tao at sinasabi, "Tingnan ninyo kung paano sila nagmamahalan sa isa't isa."

Kailangan ang gayong diwa ngayon.

At sa wakas, ibinabalik tayo ng Ebanghelyo kay San Pablo.

Kaya kayang harapin ni Pablo ang kamatayan nang may kapayapaan sapagkat hindi na umiikot ang kanyang buhay sa mga ari-arian, tagumpay, o katayuan. Si Kristo ang

kanyang kayamanan. At kapag naging sentro na si Kristo, lahat ng iba pa ay nakakahanap ng kanilang tamang lugar.

Ang pamilya ay nagiging kaloob, hindi diyus-diyusan. Ang trabaho ay nagiging paglilingkod, hindi pang-aalipin. Ang tagumpay ay nagiging pagkakataon, hindi obsesyon. Ang salapi ay nagiging kasangkapan, hindi panginoon.

At kahit ang kamatayan ay nawawalan ng kapangitan.

May naikwento minsan ang isang nars tungkol sa mga huling sandali ng dalawang pasyente. Ang isa ay isang mayamang lalaki na ginugol ang kanyang mga huling oras sa pagkabalisang pagtatanong tungkol sa kanyang mga salapi sa banko , dokumento ng ari-arian, at hindi natapos na gawain. Ang isa naman ay isang simpleng babae na ginugol ang kanyang mga huling sandali sa pagbulong ng mga panalangin at pasasalamat sa kanyang pamilya. Bago siya pumanaw, ngumiti siya at sinabi, "Uuwi na ako."

Parehong umaalis sa daigdig na ito. Ngunit isa lamang ang malaya.

Ang mga pagbasa ngayon ay nagtatanong sa bawat isa sa atin ng isang lubhang personal na tanong:

Ano ba talaga ang sentro ng aking buhay? Para saan ako nabubuhay? Ano ang aking kinakapitan? At kaya ko bang magalak sa kabutihang-loob ng Diyos sa iba?

Kung masasabi natin kasama ni San Pablo, "Sapagkat para sa akin, ang mabuhay ay si Kristo," unti-unti nating matutuklasan ang kalayaan ng Ebanghelyo. Hindi na tayo mabubuhay sa takot, hinanakit, o walang-tigil na paghahambing. Matututuhan nating pagkatiwalaan ang nakagigilalas na kabutihang-loob ng Diyos.

At balang araw, kapag dumating na ang ating sariling huling oras, tayo rin ay makakapagsabing may kapayapaan: "Uuwi na ako — hindi walang dala, kundi nasa piling ng awa ni Kristo." Amen.

- **Translated by William Valdrez, Jr., Perth/Australia**